




GRADE VI
MATALINONG PAGPAPASYA SA PAGGAMIT NG LIKAS NA YAMAN



ALAMIN MO

SAAN ANG DAAN?

- Tulongan natin sina Nora, Nicole at Norman na matukoy ang daan sa tamang bilihan ng pagkain.



- Sino sa mga bata ang tumatahak sa tamang daan?
- Sa palagay mo, tama ba ang kanyang ginawang pagpapasya sa bibilhan ng pagkain. Bakit?

Sa araling ito, matututuhan mo ang matatalinong pagpapasya sa paggamit at pag-iingat ng likas na yaman.





PAGBALIK-ARALAN MO

A. Isulat ang ME kung ang bawat bilang ay nagsasaad ng mabuting epekto ng paggamit ng likas na yaman o DME kung di-mabuting epekto.

Matalinong ginagamit ang likas na yaman _____

1. upang di-kapusin sa pagkain ang mga tao.
2. upang may maputol na kahoy ang magtotroso.
3. upang maiwasan ang pagbaha ng kapaligiran.
4. upang mawala ang hayop at ibon sa gubat.
5. upang di-maubos ang isda.

B. Isulat ang Tama kung tama ang isinasaad ng pangungusap at Mali kung mali.

1. Ang paggamit ng salakab at bingwit ay di-matalinong pamamaraan ng pangingisda.
2. Makakalbo ang kagubatan kung magtatanim ng bagong puno bilang kahalili ng punong pinutol.
3. Ang pagkakaingin ay di-kanais-nais na gawain sa kagubatan.
4. Dapat nating gamitin ang mga likas na yaman sa matalinong paraan upang magamit at matamasa ito ng susunod na salinlahi.
5. Mapangangalagaan ang ating kagubatan kung magtatanim ng bagong puno bilang kahalili ng punong pinutol.






PAG-ARALAN MO

- Basahin mo.

ALIN ANG NARARAPAT?



Nakagawa ka na ba ng pagpapasya para sa iyong sarili? Para sa iba? Masaya ka ba sa mga ginawa mong desisyon? Paano ba ginagawa ang pagpapasya?

Ang mga batang katulad mo ay makabubuo ng matalinong pagpapasya. Una, alamin mo ang mga pangyayari. Suriin ang mga ito. Ang mabuting tagapagpasya ay pinag-aaralan muna ang sitwasyon. Pagkatapos, magplano ng mga hakbang na dapat gawin. Isaalang-alang din ang kabutihan ng ibang tao bago magpasya. Pinag-aaralan niya ang magkabilang panig o pananaw ng bawat pangkat. Handa niyang harapin ang panganib at ang kahihinatnan ng kanyang mga pagpapasya.


Handa ka na bang magpasya?



Bago mo gawin iyon, sagutin mo naman ito.

Ano-ano ang hakbang upang makabuo ng matalinong pagpapasya? Gawin mong gabay ang grapikong presentasyon na nasa ibaba. Idugtong mo ang iyong sagot sa susunod na baitang. Isulat mo ang sagot sa iyong kwaderno.


MGA HAKBANG SA MATALINONG PAGPAPASIYA



Napag-aralan mo na ang ating bansa ay mayaman sa likas na yaman. Subalit ang kasaganaang ito ay maaaring maubos kung mali ang paraan sa paggamit nito. Bilang isang mamamayan na nagtatamasa ng biyaya mula sa mga likas na yaman, ano ang maaari mong maitulong sa pagpapasya para sa matalinong paggamit ng likas na yaman?

- Pag-aralan at suriin mo ang sitwasyon.





Saan kaya itatapon ni Emma ang dalang basura?

Tingnan natin ang kanyang pupuntahan. Tulungan mo siya sa pagpapasya. Piliin ang aksyong magpapakita ng pangangalaga sa kapaligiran.

Aksyon Bilang 1: Itatapon ang basura sa daan.

Aksyon Bilang 2: Itatapon ang basura sa kanal.

Aksyon Bilang 3: Ibibigay ang basura sa mga kolektor na nakasakay sa "garbage truck".

Sagutin ang sumusunod.

- 1. Aling aksyon ang iyong gagawin? Isulat mo ito sa iyong kwaderno.*
- 2. Ano ang magiging bunga o kalalabasan ng bawat aksyon?*
- 3. Paano mo ipakikita ang iyong pangangalaga sa yamang tubig? Isulat mo ang iyong pasya.*

Sa iyong pagsagot, gamitin mong gabay ang grapikong presentasyon sa ibaba. Isulat sa kwaderno ang iyong mga sagot.





PUNO NG PAGPAPASYA

SAAN ILALAGAY ANG BASURA?

	1. Itatapon ang basura sa daan.	
	2. Itatapon ang basura sa kanal.	
	3. Itatapon ang basura sa trak.	

PASYA:



- Basahin at suriin mo naman ngayon ang kaso ng Laguna de Bay.

Ang Kaso ng Laguna de Bay

Ang Laguna de Bay ay isa sa mga pangunahing mapagkukunan sa Luzon ng bangus, tilapia at iba pang produktong dagat. Natutugunan nito ang pangangailangan sa pagkain ng mga naninirahan sa paligid ng lawa, Metro Manila, at mga kalapit na lalawigan. Noon, mga 334 kilo ng isda sa bawat taon hanggang sa matutunan ang makabagong paraan ng pagpapalaki ng isda. Nagkaroon ng mga palaisdaan sa lawa. Ang paggamit ng makabagong teknolohiyang ito ay nakapagpataas sa produksyon ng isda ng hanggang 15,000 kilo sa bawat ektarya bawat taon. Gayunpaman, kailangang mapangalagaan ang lawa. Dahil dito, itinakda ng Sanggunian ng Pagpapaunlad ng Laguna Bay (Laguna Lake Development Authority o LLDA) ang lawak ng lawa na maaaring masakop ng mga palaisdaan. Ito ay hanggang 16,000 ektarya lamang. Subalit nagpatayo ng palaisdaan na higit ang sukat sa itinakda ng LLDA. Umabot na sa 34,000 ektarya ang nasasakupan ng mga itinayong palaisdaan sa lawa.

Sa pangyayaring ito, ang mga may-ari na lamang ng mga palaisdaan ang nakikinabang at kumikita. Nawalan na nga hanapbuhay ang maraming maliliit na mangingisda sa lawa. Hindi na halos lumalaki ang mga isdang kanilang nahuhuli. Halos sa gilid na lamang sila nakapangingisda. Ang maraming daan o lagusan patungo sa laot ay nasarhan na ng mga palaisdaan. Bunga nito, nagkaroon ng kaguluhan sa dating matahimik na pook.

Iba't ibang samahan ng mga mamamayan ang nagpakita ng pagtutol at tumuligsa sa hindi pagkakapantay-pantay ng karapatang ito sa paggamit ng lawa.

Sagutin ang sumusunod upang makapagbuo ng matalinong pagpapasya.


1. Ilang kilo ng isda ang kanilang nahuhuli noon?
2. Sino ang higit na nakikinabang sa Laguna de Bay? Bakit?
3. Ilang mangingisda ang nabubuhay sa pangisingisda sa Laguna de Bay.
4. Tumaas ba ang produksyon ng isdang nahuhuli? Ilang kilo ang itinaas? Bakit?
5. Ayon sa LLDA, ilang ektarya lamang ng lawa ang puwedeng pangisdaan? Ilan naman ektarya ang itinayo ng mayayamang mamamayan at korporasyon?
6. Sa iyong palagay, tama ba na magpatuloy pa ang ganitong pangyayari? Paano ito pinagpasyahan ng ating pamahalaan?






Ibigay mo ang iyong matalinong pagpapasya. Ano ang epekto nito?

Gamitin mo ang grapikong presentasyon sa ibaba.





- Basahin mo naman ang lathalain tungkol sa pagmimina.



Pangunahing suliranin ng pagmimina ang pagtatapon ng mga duming nagmumula sa mga minahan. Isang paraang isinasagawa ng ilang kompanya ng minahan ay ang paglalagay ng mahahabang tubo kung saan maaaring magdaan ang mga duming itinatapon ng minahan tuluy-tuloy sa dagat. Sa ngayon pinag-aaralan pa rin kung paano ang mga dumi at kemikal mula sa minahan ay makaaapekto sa mga yamang tubig.

May ilang minahan naman na gumagawa ng daan o tunnel sa ilalim ng lupa kung saan maaaring maglagos ang dumi at kemikal na nagmumula sa minahan. Ang mga duming ito ay kinakailangang tumawid pa ng bundok hanggang dagat. Pinag-aaralan din kung paano makaaapekto ang ganitong sistema sa mga bukirin at pangisdaan na dinaraan ng mga dumi.

Patuloy namang sinisikap ng pamahalaan na maipatupad ang Atas ng Pangulo Bilang 1281 at 463 na may layuning tumuklas ng mineral at isaayos ang mga lupang minahan upang maging ligtas sa pagguho ng lupa. Umiisip at gumagawa pa rin ng paraan ang pamahalaan at mga pribadong mamamayan na nakatutulong sa pagkakaroon ng timbang na kapaligiran o Ecological balance.

Sagutin mo ang mga tanong.







1. *Bakit kailangan ang maingat na pangangasiwa sa mga gawaing kaugnay ng pagmimina?*
2. *Paano nakaaapekto sa mga yamang tubig at bukirin ang mga dumi at kemikal mula sa minahan?*

Kung ikaw ay isang minero o may-ari ng minahan. Ano ang iyong gagawin?

Subukin mong magpasya. Lagyan mo ng angkop na mukha ang iyong pasya. Isulat mo ang iyong mga kasagutan sa grapikong presentasyon sa ibaba.

Suliranin: Pagtatapon ng mga dumi mula sa minahan		
		
A. Itatapon ang dumi sa dagat		
B. Itatapon ang dumi sa ilalim ng lupa		
C. Hindi na magtatapon ng dumi		

- Tingnan at pag-aralan mo kung paano tinanggap at binigyang halaga ng mga taga-Palawan ang programa ng pamahalaan sa pagkakaingin. Ipinakikita sa larawan sa ibaba kung paano nasisira ng mga kaingero ang kagubatan.



Isa ang Palawan sa mga pook sa bansa na may suliranin tungkol sa pagkakaingin. Ang suliraning ito ay sinisikap at patuloy na binibigyan ng solusyon sa pamamagitan ng programang Integrated Social Forestry o ISF ng BFD. Ang programa ay naglalayong itaas ang kalagayang panlipunan at pangkabuhayan ng mga kaingero at iba pang mamamayan na umaasa lamang sa gubat para sa kanilang ikabubuhay. Bawat kasaping kaingero ay binibigyan ng karapatang manirahan at linangin ang lupang hindi hihigit sa pitong ektarya. Tumanggap siya ng isang sertipiko ng paglilalang dito mula sa BFD. Ito ay isang kasunduan na nagbibigay ng karapatan sa kaingero na ariin ang lupa at doon manirahan. Katumbas nito, pananagutan ng bawat kaingero na paunlarin ang lupang ipinagkaloob sa kanya. Kung hindi makatutupad sa kasunduan ang kasapi sa paraan ng pagpapaunlad ng lupa, babawiin ang karapatan sa kanya.

Sagutin mo.

Kung ikaw ay isang kaingero tatanggapin mo ba ang ibinibigay na karapatang ariin ang lupa at dito ka na maninirahan? Bakit?

Subukin mong magpasya, gawin mong gabay ang grapikong presentasyon sa ibaba.



BUNDOK NG PAGPAPASIYA

Kasunduan sa pagmamay-ari ng Lupa	
Tatanggapin ang kasunduan	Di-tatanggapin ang kasunduan
Kalalabasan o ibubunga	Kalalabasan o ibubunga
1.	1.
2.	2.
3.	3.



Iguhit ang ☺ kung ang sumusunod na pagpapasya ay may kinalaman sa pagtataguyod ng pagiging maunlad na estado at ☹ kung hindi.

1. Itaguyod ang pagpapatupad ng “reforestation.”
2. Iwasan ang pagtatapon ng dumi o basura sa ilog at dagat.
3. Ang mga ibon sa parke ay hindi dapat hulihin.
4. Itapon ang basura sa bakanteng lupa ng iyong kapitbahay.
5. Huwag pansinin ang panawagan ng pamahalaan ukol sa paggamit ng dinamita.



TANDAAN MO

- *Ang matalinong pagpapasya sa paggamit ng likas na yaman ay may kinalaman sa pagtataguyod ng pagiging malaya ng estado.*
- *Malaki ang pananagutan ng mga Pilipino sa pagganyak at pagpapaunlad ng mga likas na yaman ng bansa.*



ISAPUSO MO

A. Alalahanin ang pasyang ginawa mo sa pagtalakay ng mga aralin.

Sagutin mo ang sumusunod.


1. Naging makatwiran ba ang iyong pasya?
2. Maipagmamalaki mo ba ang iyong pasya? Bakit?
3. Ano ang gagawin mo sa susunod na pagpapasya?

B. Suriin mo naman ngayon ang iyong sariling pag-uugali:


Markahan ang sarili sa pagpapasyang isasagawa sa sumusunod. Ang bilang 10 ang pinakamataas.

Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.


1. Mahigpit na pagbabawal sa paggamit ng dinamita.



2. Pagsusunog ng mga tuyong damo.




3. Pagpapairal muli ng pagtatanim ng puno.







4. Paglalaba sa ilog.



5. Isuplong sa maykapangyarihan ang mga sasakyang nagbubuga ng maitim na usok.



GAWIN MO

Sagutin mo ang tseklis. Lagyan ng ekis (x) ang napili mong hanay. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Gawain	Matinding Pagsang-ayon	Sang-ayon	Hindi Tiyak	Tutol	Matinding Pagtutol
1. Paggamit ng mga pataba at patubig sa pagtatanim					
2. Pagsasagawa nang muling pagtatanim ng mga puno					
3. Ipagpatuloy ang pagkakaingin					
4. Pangangasiwa sa maayos na pagtatapon ng mga basura					
5. Paggamit ng dinamita sa pangngisda					



PAGTATAYA

Basahin ang bawat sitwasyon. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Sa Barangay Perez ay nakita mong pinaglalaruan ng mga naliligong bata ang tubig sa poso. Ano ang gagawin mo?
 - A. sumama ka sa kanilang paglalaro
 - B. sigawan mo sila at isara ang gripo
 - C. sawayin mo sila at ipaliwanag ang kahalagahan ng tubig
2. Namasyal ka sa isang parke at nakita mong pinutol ng bata ang sanga ng isang puno. Ano ang gagawin mo?
 - A. takutin at paalisin ang bata
 - B. isumbong ang bata sa may kapangyarihan
 - C. pagsabihan na ayusin ang pagputol sa sanga ng puno
3. Nasa tabing-dagat ka at nakita mo ang isang mangingisda na gumagamit ng pinong lambat sa paghuli ng isda. Ano ang gagawin mo?
 - A. ipagbigay-alam agad ito sa may kapangyarihan
 - B. ipagawa rin sa amang mangingisda ang nakita mo
 - C. ipagwalang-bahala ang nakitang ginagawa ng mangingisda
4. Nakita mong ginugupit-gupit ng iyong kapatid ang mga sanga ng halaman sa harap ng inyong bahay. Ano ang gagawin mo?
 - A. pagagalitan mo siya
 - B. isusumbong mo sa iyong tatay
 - C. pagsabihan mo siya na di-tama ang kanyang ginagawa
5. Nakita mong nagtapon ng basura at mga patay na hayop ang kapitbahay mo sa ilog na kinukunan ng panluto at pinaglalabhan sa inyong lugar. Ano ang gagawin mo?
 - A. gayahin mo siya sa pagtatapon ng basura
 - B. kukunin ang basura at ibalik sa kanilang looban
 - C. pagsabihan mo nang maayos ang nagtapon ng basura na masama ang ginagawa niya



PAGPAPAYAMANG GAWAIN

- Mangalap ng mga balita, babasahin o patalastas tungkol sa paggamit ng likas na yaman. Kapanayamin mo ang nakatatanda mong kasambahay. Alamin mo ang kanyang saloobin o pasya sa maaaring mangyari kung di natin bibigyang halaga ang wastong paggamit ng likas na yaman.



Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.